AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**GAMES**
**Activity 59**

| **Pambungad** |
|---|
| *Kumusta, kaibigan? Hahasain natin ang ating problem-solving, pisikal na skills, at imahenasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng ating game master ngayong araw. May level 1, level 2, at level 3! Handa ka na bang tanggapin ang pagsubok niya ngayon? Naniniwala kami sa 'yo, kayang-kaya mo 'to!* |

| **Games - Activity 59** |
|---|
| Mini-Personality Quiz |
| Content Creator: Robyn Nicole B. Jereza |

**MINI-PERSONALITY QUIZ**
**GAMES FOR GR. 1 - HS - ACTIVITY 59**

**I. Pambungad** 🎯
MINI-PERSONALITY QUIZ! 🎭 Para sa games natin ngayon, maglalaro tayo ng mini-personality games! 😱😂 Baka magulat ka sa resulta, o baka alam mo na rin naman pero at least ngayon, sure ka na! 😂 MALALAMAN NATIN! 💃🟫

**II. Level 1** 🎯
1. Meron kayong Group Project sa school! 📚 Ano ang gagawin mo?
(a) Gagawa ng plano kung paano ninyo gagawin ang project
(b) Gagawin ang part mo ng maayos at magtatanong kung okay ba ang mga ka-grupo mo
(c) Maghihintay ng may sasabihin kung ano dapat gawin

2. Nag-away kayo ng bestfriend mo! 🥺 Ano gagawin mo?
(a) Kakausapin siya kaagad para maayos ang problema
(b) Hihintay ka hanggang feeling mo okay na na mag-usap kayo
(c) Wala kang gagawin

3. Pinagalitan ka ng Nanay mo dahil hindi wala ka daw nagagawa sa bahay! 🧹 Ano gagawin mo?

(a) Papakitang gilas ka sa paggawa ng gawaing bahay
(b) Magso-sorry ka, at tatanong mo kung ano pwedeng gawin
(c) Okay lang sayo na magalit si Nanay

🔍 I-check kung anong sagot mo sa number 1-3!
🥇 Kung halos lahat ay A - Ikaw ay palaban! Gusto mo na maayos ang lahat, at maayos ito kaagad!
🧘🏾‍♀️ Kung halos lahat ay B - Ikaw ang peace-keeper. Gusto mong makatulong, at uunahin mo ang kailangan ng iba.
🌊 Kung halos lahat ay C - Chill ka lang! Hindi ka masyadong naabala sa kahit ano

**III. Level 2** 🎯

1. Pasko na sa bahay! 🎄 Ang daming bisita ni Mommy at Daddy! Ano ang gagawin mo?
(a) Papasok ka sa kuwarto
(b) Sa baba ka lang para makausap mo lahat ng bisita!
(c) Kakausapin mo ang kaclose mo lang na pinsan o kaibigan

2. Kakatapos lang ng exams niyo! 📝 Recess na! Ano gagawin mo?
(a) Kakain sa upuan mo
(b) Mag-papatawa ka sa klase
(c) Kakausapin kaibigan o seatmate mo

3. Friday na! 🥳 Ano gagawin mo?
(a) Magst-stay lang sa bahay
(b) Lalabas kasama ang mga kaibigan
(c) Magch-chat lang sa Facebook

🔍 I-check kung anong sagot mo sa number 1-3!
🤭 Kung halos lahat ay A - Ikaw ay introvert, o mas gusto nakakarelax sayo ang mapag-isa! Kailangan ng effort para sayo para kumausap ng tao! 😂🐺🏠
🥳 Kung halos lahat ay B - Ikaw ay extrovert! Sumasaya ka kung nakikipag-usap ka sa tao, at hindi mo kayang tumagal ng walang kausap! 😂💃🏽🤳🏽
😁 Kung halos lahat ay C - Ikaw ay ambivert, o half-introvert half-extrovert! Ibig sabihin nito, kailangan mong kumausap ng tao, pero kailangan mo rin ng oras para mapag-isa! Balanse lang 😂💬🤭

**IV. Level 3** 🎯

1. Birthday ng bestfriend mo! Paano mo siya babatiin? 🥳
(a) Gagawa ka ng letter o birthday card! 💌
(b) Yayakapin mo siya pagkita niyo sa school! 🤗
(c) Lalabas kayo, o pupunta ka sa bahay nila 🎈

2. Malungkot ka ngayon 😞Ano ang pinaka-makakatulong sayo?
(a) Makausap ang pinakakaclose mong kaibigan, kapatid, o magulang 😭
(b) Nasamahan ka ng kaibigan o kamag-anak mo, kahit 'di kayo mag-usap. Hug

lang, okay na 😖
(c) Sana puntahan ka ng kaibigan mo sa bahay mo, o mag-spend kayo ng oras na magkasama 👥

3. May free time ka! Kakatapos lang ng exams mo, at makakapahinga ka na 😴 Ano ang una mong gagawin?
(a) Tetext ang mga kaibigan mo 🤳🏽 O kwekwento mo ang exam mo sa pamilya mo 👨👩👧👦
(b) Unang mong hahanapin? HUG! Kase sobrang pagod ka na 🥺
(c) Gusto mo mag bonding kayo ng kaibigan mo o ng pamilya mo! 👨👩👧👦👫 Catch-up catch-up rin 🥰

🔍 I-check kung anong sagot mo sa number 1-3!
💌 Kung halos lahat ay A - Ang love language mo ay WORDS! ❤ O ang paraan mo para magparamdam o tumggap ng pagmamahal ay salita 💬 Gusto mo na sinasabihan at nagsasabi ng "I love you" o nagbibigay at tumaggap ng compliment! 😘

🤗 Kung halos lahat ay B - Ang love language mo ay TOUCH! ❤ O ang paraan mo para magparamdam o tumggap ng pagmamahal ay touch! 🤝 Mahilig ka sa hugs o holding hands! 🤗

🕐 Kung halos lahat ay C - Ang love language mo ay TIME! ❤ O ang paraan mo para magparamdam o tumggap ng pagmamahal ay oras kasama ang ibang tao 👫 Gusto mo ng bonding time kasama ang mga mahal mo sa buhay 💕

**V. Pagtatapos**
Ano ang mga nakuha mong resulta? Swak na swak ba? ✔️✔️ Nakakashock ba? 🤭😱 O nasa gitna ka ba ng dalawang resulta? 🤔🤔

Paalala! Mga games katulad nito ay pang FUN FUN lang po! 🤩😅 Ikaw lang naman talaga ang makakaalam sa tunay mong personalidad! At alahanin! Pwede namang mag-iba ito sa ating pag-tanda! 🥰

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.